
BC CANCER COLON SCREENING
Provincial Health Services Authority

COLORECTAL POLYPOSIS

Ano ba ang polyposis?

Ang polyposis (binibigkas na *paa-luh-poh-suhs*) ay isang kondisyon sa kalusugan kung saan maraming polyps (maliliit na bukol) ang lumalaki sa iyong colon sa iyong buong buhay.



Ano ba ang sanhi ng polyposis?

Para sa karamihan ng mga tao, hindi natin alam kung ano ang nagdudulot ng kanilang polyposis.

Para sa ilang mga tao, sila'y ipinapanganak nang may pagbabago sa kanilang genes na tinatawag na "mutation" o "pathogenic variant". Ang ibig sabihin nito'y hindi gumagana ang iyong gene kung paano ito dapat gumana.
Ang ilang mga pagbabago sa genes ay maaaring magdulot ng **polyposis syndromes**. Pinatataas ng polyposis ang iyong posibilidad na magkaroon ng kanser sa colon at ang ilang pathogenic variants ay maaari ring magdagdag sa posibilidad ng iyong pagkakaroon ng ibang mga uri ng kanser. Ang pagkakaroon ng pagbabago ng gene ay **hindi** nangangahulugan na magkakaroon ka ng kanser — pinatataas lamang nito ang iyong mga tsansa.

Kung mayroon akong polyposis, ano ang susunod na mangyayari?

Kakausapin ka ng colonoscopist tungkol sa:

- Polyposis at kung ano ang ibig sabihin nito.
- Gaano ka dapat kadalas magpa-colonoscopy at kung kailangan mo ng iba pang mga uri ng cancer screening.
- Kung kailangan din magpa-colonoscopy ang aking mga kamag-anak sa dugo para mag-check para sa polyposis. Ito'y dahil ang mga pagbabago sa genes ay maaaring ipasa mula sa isang henerasyon papunta sa iba (tulad ng mula sa isa sa iyong mga magulang papunta sa iyo).
- Kung ikaw ay eligible para sa genetic testing. Ang **genetic testing** ay ginagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng sample ng iyong dugo. Ang test ay naghahanap ng mga pagbabago sa iyong genes. Mahahanap nito kung mayroon kang pagbabago sa genes na maaaring magdulot ng polyposis.

Mga tatanungin sa iyong colonoscopist:

- ☐ Ano ba ang polyposis at ano ba ang ibig sabihin nito?
- ☐ Kailan ba dapat ang aking susunod na colonoscopy?
- ☐ Dapat ba ako magpa-screening para sa aking upper digestive system (esophagus, tiyan, at unang bahagi ng aking maliit na bituka)?
- ☐ Kailan din ba dapat magpa-colonoscopy ang aking mga kamag-anak sa dugo para mag-check para sa polyposis?
- ☐ Maaari ba akong magpa-genetic testing? Paano ba makakatulong sa akin ang mga resulta?
- ☐ _____
  _____
- ☐ _____
  _____

Eligible ba ako para sa genetic testing? Paano ba ito makakatulong sa akin at sa aking pamilya?

Kung ikaw ay eligible, tutulungan ka ng iyong colonoscopist na magpasiya kung magpapa-genetic testing:

- Kung pinili mong magpa-test, i-oorder ng iyong colonoscopist ang test at magkasama ninyong rerebyuhin ang mga resulta. Kung nireport ng lab na may nahanap na "pathogenic variant", magkakaroon ka rin ng appointment sa isang genetic expert mula sa Hereditary Cancer Program. Ang mga resulta ay makakatulong sa iyo na malaman ang iyong medikal na pangangalaga, kabilang na ang kung anong uri ng cancer screening ang kailangan mo at kung gaano kadalas, magsasabi sa iyo kung ano ang iyong cancer risk (posibilidad na magka-kanser), at kung ang iyong mga kamag-anak sa dugo ay kailangan magpa-test.
- Kung pinili mong **hindi** magpa-test, ang iyong pangangalaga ay **hindi** maaapektohan: patuloy kang bibigyan ng iyong colonoscopist ng pangangalaga.
- Kung hindi ka eligible para sa genetic testing, patuloy kang bibigyan ng iyong colonoscopist ng pangangalaga.

Magpapa-genetic testing ka man o hindi, tutulungan ka ng iyong colonoscopist na magpasiya kung gaano ka kadalas magpapa-colonoscopy at kung inirerekomenda ang iba pang mga uri ng screening.

Saan ba ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- Kausapin ang iyong colonoscopist o ang iyong primary care provider.
- I-scan ang QR code para panoorin ang isang video tungkol sa genetic testing

Version: September 2026 [Filipino]